Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE MAYOR
RECEIVED
DATE 7-2-97
STA ROSA, LAGUNA

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T APAT PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-25 NG HUNYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad, Namuno
2.	Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO	- Kagawad
3.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
4.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
5.	Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr.	- Kagawad
6.	Kgg. LUISITO B. ALGABRE	- Kagawad
7.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
8.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
9.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
10.	Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr.	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Pang. Punong-bayan

****

KAPASIYAHAN BLG. 121-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Bustamante na pinangalawahan ni Kag. Dia)

ANG KAPASIYAHAN NA NANANAWAGAN SA TANGGAPAN NG PUNONG-BAYAN HINGGIL SA MALIMIT NA PAGLIBAN NG MGA KAWANI AT PINUNO NG TANGGAPAN SA PAGTUPAD NG TUNGKULIN NG WALANG MGA KAUKULANG PAHINTULOT AT ANG PAGHILING DIN SA PUNONG-BAYAN NA MAPAYUHAN ANG MGA KAWANI AT PINUNONG-TANGGAPAN NA MAGKAROON NG DEDIKASYON AT MALASAKIT SA PANUNUNGKULANG.

SAPAGKA'T, kapansin-pansin na may mga kawani at Pinuno ng Tanggapan ng lumiliban o wala sa kanilang tanggapan ng walang namang mga kaukulang permiso sa paglalakbay o pagliban na nagiging dahilan kung kaya't marami sa mga kliyente at mamamayan na magpabalik-balik upang matugunan ang kanilang mga kahilingan at paglagda sa mga kinakailangan nila na nagpapakita lamang ng kawalan ng dedikasyon at pamamahala sa tungkulin;

SAPAGKA'T, sa pagpapatibay ng Salary Standardization at pagkakaloob ng todong pagtaas ng sahod ng lahat ng kawani at Pinuno ng Tanggapan ay karapat-dapat lamang na ipamalas naman ng bawa't isang lingkod bayan ang episyente at mabilis na pagtugon sa pangangailangan ng sambayanan.

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pananawagan sa Tanggapan ng Punong-bayan hinggil sa malimit na pagliban ng mga kawani at Pinuno ng Tanggapan sa pagtupad ng tungkulin ng walang mga kaukulang pahintulot at ang paghiling din sa Punong-bayan na mapayuhan ang mga kawani at Pinunong-tanggapan na magkaroon ng dedikasyon at malasakit sa panunungkulan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-24 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-25 ng Hunyo, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim